



Ang iyong anestetikong pinapadaan sa gulugod

Ipinapaliwanag sa polyetong ito kung ano ang dapat asahan kapag sasailalim ka sa operasyong may anestetikong pinapadaan sa gulugod.

Isinulat ito sa pagtutulungan ng mga anesthetist, pasyente, at kinatawan ng pasyente.

Panimula

Ipinapaliwanag sa polyetong ito kung:

- **ano** ang anestetikong pinapadaan sa gulugod
- **paano** ang proseso nito
- **bakit** maaaring makatulong sa iyo ang paggamit nito sa iyong operasyon.

Ano ang 'anestetikong pinapadaan sa gulugod'?

Sa maraming operasyon, karaniwang binibigyan ang mga pasyente ng anestetikong pambuon katawan. Gayunpaman, para sa mga operasyon sa ibabang bahagi ng katawan, puwede kadalasan na bigyan ka na lang ng anestetikong pinapadaan sa gulugod. Ito ang pagtuturok ng anestetiko sa ibabang bahagi ng iyong likod (sa pagitan ng mga buto ng iyong gulugod). Magdudulot ito ng pamamanhid sa ibabang bahagi ng katawan para hindi mo maramdaman ang sakit ng operasyon at manatili kang gising.

Karaniwang tumatagal ang anestetikong pinapadaan sa gulugod nang isa hanggang dalawang oras. Maaaring magturok ng iba pang gamot kasabay nito para makatulong sa pagpawi ng sakit sa loob ng maraming oras pagkatapos mawala ang bisa ng anestetiko.

Kapag binigyan ka ng anestetikong pinapadaan sa gulugod, maaaring:

- gising ka
- bigyan ka ng pampakalma – mga gamot na makakapagpakalma sa iyo, ngunit hindi ka mawawalan ng malay.

Para sa ilang operasyon, maaari ding magbigay ng anestetikong pinapadaan sa gulugod bago magbigay ng anestetikong pambuong katawan para sa mas epektibong pagpawi ng sakit pagkatapos.


Matutulungan ka ng iyong anesthetist na magpasya kung alin sa mga ito ang pinakamainam para sa iyo.

Maraming operasyon sa ibabang bahagi ng katawan ang naaangkop gamitan ng anestetikong pinapadaan sa gulugod nang may kasama o walang kasamang anestetikong pambuong katawan. Depende sa iyong kalusugan, maaaring makatulong sa iyo ang anestetikong pinapadaan sa gulugod. Handa ang iyong anesthetist na makipag-usap sa iyo para talakayin ito at tulungan kang magpasya sa pinakanaaangkop sa iyo.

Kadalasang puwedeng gamitin ang anestetikong pinapadaan sa gulugod nang mag-isa o nang may kasamang anestetikong pambuong katawan para sa:

- ortopedikong operasyon sa mga kasukasuan o buto ng binti
- pag-aayos ng luslos sa singit, ugat na barikos, operasyon para sa almoranas (hemorrhoids)
- operasyong vascular: mga operasyon sa mga daluyan ng dugo sa binti
- gynecology: pag-aayos ng pagbaba ng matris, pagsusuri sa matris, at ilang uri ng pag-aalis ng matris
- urology: operasyon sa prostate, operasyon sa pantog, at operasyon sa ari.

Paano ibinibigay ang anestetikong pinapadaan sa gulugod?



- Maaaring ibigay sa iyo ang anestetikong pinapadaan sa gulugod sa anesthetic room o sa operating room. Makikilala mo ang anesthetic assistant na bahagi ng team na mag-aasikaso sa iyo.
- Una, gagamit ang iyong anesthetist ng isang karayom para magpasok ng manipis na plastik na tubo (isang 'cannula') sa isang ugat sa iyong kamay o braso. Sa pamamagitan nito, mabibigyan ka ng iyong anesthetist ng mga likido at anumang gamot na maaaring kailanganin mo.

- Tutulongan kang ilagay sa tamang posisyon para sa anestetikong pinapadaan sa gulugod. Maaari kang umupo sa gilid ng higaan nang nakapatong ang iyong mga paa sa isang mababang bangko o hihiga ka nang nakatagilid at nakadikit ang iyong mga tuhod sa iyong dibdib.
- Ipapaliwanag ng team na magbibigay ng anestetiko kung ano ang nangyayari, para malaman mo ang ginagawa nila sa iyo.
- Magtuturok muna ng lokal na anestetiko para mamanhid ang balat at maging mas komportable ang pagtuturok ng anestetikong pinapadaan sa gulugod. Mararamdaman ang kirot sa loob ng ilang segundo. Ituturok ng anesthetist ang anestetikong pinapadaan sa gulugod at kakailanganin mong hindi gumalaw para maisagawa ito. Karaniwang may nars o katuwang sa pangangalagang pangkalusugan na magbibigay sa iyo ng suporta at katiyakan habang tinuturuan ka.

Maaari mo ring makilala ang Mga Associate para sa Anesthesia na mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na sumailalim sa masusing pagsasanay. Maaari kang magbasa pa tungkol sa kanilang tungkulin at sa team para sa anesthesia sa aming website:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/anaesthesia-team

Ano ang mararamdaman ko?

Kadalasang kasingsakit lang ng pagsailalim sa pagsusuri ng dugo o pagpapasok ng cannula ang pagtuturok ng anestetikong pinapadaan sa gulugod. Maaaring abutin nang ilang minuto ang pagsasagawa nito, ngunit maaari itong mas matagalan kung mayroon kang anumang problema sa likod o sobrang katabaan.

- Habang tinuturuan ka, maaari mong maramdaman na parang may mga tumutusok-tusok sa iyo o puwede kang makaramdam ng biglaang pagkirot sa isa sa iyong mga binti—kung mangyayari ito, subukang huwag gumalaw, at sabihin ito sa iyong anesthetist.
- Kapag tapos ka nang turukan, karaniwan kang papahigain nang nakatihaya kung nakaupo ka. Karaniwang nagsisimulang magkabisa ang anestetikong pinapadaan sa gulugod sa loob ng ilang minuto.
- Sa simula, makakaramdam ka ng init sa iyong balat, pagkatapos ay mamamanhid ito, at unti-unti mong mararamdaman na parang mas bumigat at mas mahirap igalaw ang iyong mga binti.
- Kapag nagkabisa na nang ganap ang itinurok, hindi mo na maiaangat ang iyong mga binti at hindi ka na makakaramdam ng anumang sakit sa ibabang bahagi ng iyong katawan.

Pagsubok kung tumalab ang anestetikong pinapadaan sa gulugod

Magsasagawa ang iyong anesthetist ng iba't ibang simpleng pagsubok para malaman kung tumatalab nang maayos ang anestetiko, na maaaring kabilangan ng:

- pag-spray ng malamig na likido at pagtatanong sa iyo kung nararamdaman mo ang lamig
- pagpahid ng swab o pagtusok sa iyong balat at pagtatanong sa nararamdaman mo
- paghiling sa iyo na itaas mo ang iyong mga binti.

Mahalagang magpokus habang isinasagawa ang mga pagsusuring ito para makatiyak ka at ang iyong anesthetist na tumatalab ang anestetiko.

Papahintulutan lang ng anesthetist na simulan ang operasyon kapag nakakatiyak na siya na tumatalab ang anestetiko.

Habang isinasagawa ang operasyon (anestetikong pinapadaan sa gulugod lang)

- Sa operating room, may isang buong team ng mga kawani na mag-aasikaso sa iyo. Kung gising ka, magpapakilala sila at susubukan ka nilang pakalmahin.
- Ilalagay ka sa posisyong kinakailangan para sa operasyon. Dapat mong sabihin sa iyong anesthetist kung may makakatulong sa iyo para maging mas komportable ka, gaya ng dagdag na unan o patungan ng braso.
- Maaari kang bigyan ng oxygen para makahinga, sa pamamagitan ng magaan at transparent na plastik na mask, para mapataas ang antas ng oxygen sa iyong dugo.
- Mamamalayan mo ang mga ginagawa sa operating room, ngunit makakapagrelaks ka, habang inaasikaso ka ng iyong anesthetist.
- Maaari kang makinig sa musika habang inooperahan. Kung papahintulutan ka, magdala ng sarili mong musika at gumamit ng headphones. May ilang unit na nagbibigay ng headphones o nagpapatugtog ng musika sa operating room.
- Puwede kang makipag-usap sa anesthetist at anesthetic assistant habang isinasagawa ang operasyon.

Kung bibigyan ka ng gamot na pampakalma sa operasyon, marerelaks ka at maaari kang antukin. Maaari kang makaidlip sa operasyon, o maaaring gising ka sa ilang bahagi o sa kabuuan nito.

Maaaring maalala mo ang bahagi o kabuuan ng pamamalagi mo sa operating room, o puwedeng wala kang maalala.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbibigay ng gamot na pampakalma, sumangguni sa aming polyeto na '*Paliwanag sa pagbibigay ng gamot na pampakalma*', na makikita sa aming website:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/sedation

Maaari ka pa ring mangailangan ng anestetikong pambuong katawan kung:

- hindi makakapagbigay ang iyong anesthetist ng anestetikong pinapadaan sa gulugod
- hindi masyadong mabisa ang anestetikong pinapadaan sa gulugod para sa bahaging ooperahan
- mas komplikado o mas matagal kaysa sa inaasahan ang operasyon.

Pagkatapos ng operasyon

- Tumatagal nang hanggang apat na oras bago bumalik ang pakiramdam. Dapat mong ipaalam sa mga kawani ng ward ang anumang alalahanin o pangamba mo.
- Sa pagbalik ng pakiramdam, karaniwan kang makakaramdam na para kang tinutusok-tusok. Maaari ka ring makaramdam ng sakit na bunga ng operasyon at puwede kang humingi ng anumang pampawi ng sakit na kailangan mo.
- Maaari kang manghina sa pagtayo sa simula pagkatapos mawalan ng bisa ang anestetikong pinapadaan sa gulugod at puwede kang mahilo kung mababa ang presyon ng iyong dugo. Mangyaring humingi ng tulong sa mga kawani na nag-aasikaso sa iyo kapag bumangon ka sa unang pagkakataon.
- Kadalasang mas maaga kang makakakain at makakainom pagkatapos bigyan ng anestetikong pinapadaan sa gulugod, kumpara kung anestetikong pambuong katawan ang ibinigay sa iyo.


Bakit mainam ang anestetikong pinapadaan sa gulugod?

Ang ikinalalalang ng paggamit ng anestetikong pinapadaan sa gulugod lang kumpara sa pagsailalim sa anestetikong pambuong katawan ay maaaring:

- mas maliit na posibilidad na magkaroon ng impeksyon sa dibdib pagkatapos ng operasyon
- bawas na epekto sa mga baga at sa paghinga
- mainam na pagkapawi ng sakit pagkatapos mismo ng operasyon
- mas kaunting pangangailangan para sa malalakas na gamot na pampawi ng sakit na posibleng may mga side effect
- mas kaunting pagkahilo at pagsusuka
- mas maagang makakainom at makakakain pagkatapos ng operasyon.

Pag-unawa sa panganib

Iba-iba ang interpretasyon ng mga tao sa mga salita at numero. Ibinigay ang scale na ito para makatulong.



Hindi karaniwang nagkakaroon ng malulubhang problema sa mga modernong anestetiko. Mas ligtas na ang proseso nito dahil sa mga bagong kagamitan at pamamaraan, mga pamantayan sa pagsasanay, at mas mabibisang mga gamot.

Para maunawaan ang panganib nito para sa iyo, alam mo dapat kung:

- gaano kalaki ang posibilidad na mangyari ito
- gaano ito kalubha kung mangyayari man
- paano ito magagamot.

Maaaring talakayin sa iyo ng anesthetist ang mga panganib at matutulungan ka niyang magpasya tungkol sa uri ng anestetiko na pinakamainam para sa iyo.

Mga side effect at komplikasyon

Tulad ng lahat ng pamamaraan sa pagbibigay ng anestetiko, may posibilidad na magkaroon ng mga hindi kanais-nais na side effect o komplikasyon sa anestetikong pinapadaan sa gulugod. Mayroong higit pang impormasyon tungkol sa mga side effect at komplikasyon na resulta ng anestetikong pinapadaan sa gulugod sa aming website: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/risk-leaflets

Mga napakakaraniwang pangyayari at mga karaniwang side effect

- **Mababang presyon ng dugo** – sa pagtalab ng anestetikong pinapadaan sa gulugod, maaari nitong mapababa ang presyon ng iyong dugo. Dahil dito, maaari kang mahilo o magsuka. Tutugunan ito ng iyong anesthetist sa pamamagitan ng mga likidong ibibigay na papadaanin sa iyong IV drip at pagbibigay sa iyo ng mga gamot para mapataas ang presyon ng iyong dugo.
- **Pangangati** – karaniwan itong nangyayari kung gumamit ng mga gamot na hawig sa morphine sa anestetikong pinapadaan sa gulugod. Kung malala ang pangangati mo, pwede kang bigyan ng gamot na makakatulong dito.

- **Hirap sa pag-ihl (hindi paglalabas ng ihl) o hindi makontrol na pantog (kawalan ng pagpipigil)** – maaaring mahirapan kang umihi gaya ng nakagawian habang may bisa ang anestetikong pinapadaan sa gulugod o maaari kang mawalan ng kontrol sa iyong pantog, ngunit mas madalang mangyari ito. Babalik sa normal ang paggana ng pantog mo kapag nawala na ang bisa ng anestetikong pinapadaan sa gulugod. Maaaring kailanganing pansamantalang maglagay ng catheter sa iyong pantog habang humihina ang bisa ng anestetikong pinapadaan sa gulugod at sa loob ng maikling panahon kapag nawala na ang bisa nito. Hindi apektado ng anestetikong pinapadaan sa gulugod ang kakayahan mong maglabas ng dumi.
- **Sakit habang tinuturukan** – kung may maramdaman kang sakit sa mga bahagi na hindi tinuturukan ng karayom, dapat mo itong ipaalam kaagad sa iyong anesthetist. Maaari mo itong maramdaman sa iyong mga binti o puwit, at posibleng dahil may tinamaang nerve ang karayom. libahin ang pagtutuskan ng karayom.
- **Post-dural puncture headache** – maraming sanhi ng sakit ng ulo pagkatapos ng operasyon, kabilang ang pagka-dehydrate, hindi pagkain, at pagkabalisa. Magagamot ang karamihan ng mga sakit ng ulo sa pamamagitan ng simpleng pampawi ng sakit. Hindi ito karaniwang nangyayari, ngunit pagkatapos bigyan ng anestetikong pinapadaan sa gulugod, posibleng magkaroon ng mas malala at hindi nawawalang sakit ng ulo na tinatawag na post-dural puncture headache, at mayroong partikular na gamutan para dito. Nangyayari ito sa tinatayang 1 sa 200 pagtuturok ng anestetikong pinapadaan sa gulugod sa average. Karaniwang lumalala ang sakit ng ulo na ito kung uupo ka at mas mainam na humiga nang nakatihaya. Maaaring may kasama ang sakit ng ulo na pagkawala ng pandinig o baradong pandinig o magulong pandinig.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa post-dural puncture headache, basahin ang polyetong *Sakit ng ulo pagkatapos turukan ng anestetikong pinapadaan sa gulugod o epidural space* na makikita sa aming website:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/risk-leaflets

Mga komplikasyong bihirang mangyari

Pinsala sa nerves – isa itong komplikasyon ng anesthesia sa pamamagitan ng gulugod na bihirang mangyari. Maaaring magtagal nang ilang araw o linggo ang pansamantalang kawalan ng pakiramdam, pagkakaroon ng pakiramdam na parang tinutusok-tusok, at, kung minsan, panghihina ng kalamnan, ngunit kadalasang nawawala ang mga ito sa paglipas ng panahon at bumabalik sa dati ang kondisyon.

Bihirang mangyari ang permanenteng pinsala sa nerves (tinatayang 1 sa 50,000 pagtuturok ng anestetikong pinapadaan sa gulugod). Pareho lamang halos ang posibilidad na magkaroon ng malulubhang komplikasyon dahil dito sa posibilidad kapag binigyan ng anestetikong pambuong katawan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pinsala sa nerves, basahin ang polyetong *Pinsala sa nerves na nauugnay sa anestetikong pinapadaan sa gulugod o epidural space* na makikita sa aming website:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/risk-leaflets

Mga madalas itanong

Puwede ba akong kumain at uminom bago bigyan ng anestetikong pinapadaan sa gulugod?

Kakailanganin mong sundin ang parehong mga alituntuning pinapagawa kapag sasailalim ka sa anestetikong pambuong katawan. Ito ay dahil kinakailangan kung minsan na magbigay ng anestetikong pambuong katawan sa halip na anestetikong pinapadaan sa gulugod. Bibigyan ka ng ospital ng malilina na tagubilin kung kailan dapat huminto sa pagkain at pag-inom bago ang iyong operasyon.

Kailangan ko bang manatiling gising na gising?

Bago ang operasyon, maaari kayong magpasya ng iyong anesthetist kung mananatili kang gising habang inooperahan ka o kung mas gusto mong mabigyan ng gamot na pampakalma para mabawasan ang malay mo habang isinasagawa ang proseso. Puwedeng iangkop ang dami ng gamot na pampakalma para manatili kang may malay, ngunit hindi na balisa. Posible ring magsabay ng anestetikong pinapadaan sa gulugod at anestetikong pambuong katawan ngunit hindi ito nangangahulugan na may mga panganib ng anestetikong pinapadaan sa gulugod at anestetikong pambuong katawan.

Makikita ko ba ang nangyayari sa akin?

Magpupuwesto ng screen sa ibabaw ng iyong katawan sa may dibdib, kaya hindi mo makikita ang operasyon. May ilang operasyon na gumagamit ng mga video camera at telescope para sa 'keyhole' na operasyon. Sa ilang ospital, may opsyon ang mga pasyente na tingnan ang nangyayari sa screen.

Makakapili ba ako ng anestetiko?

Oo, kadalasan, depende sa aktuwal na operasyon at sa anumang maaaring maging problema kapag binigyan ka ng anestetikong pinapadaan sa gulugod. Tatalakayin sa iyo ng iyong anesthetist ang mga opsyon mo.

May mga hindi karaniwang dahilan kung bakit maaaring hindi ka puwedeng bigyan, o maaari kang payuhang hindi tumanggap, ng anestetikong pinapadaan sa gulugod. Kabilang sa mga ito ang pagkakaroon ng:

- ilang partikular na abnormalidad sa iyong gulugod o dating operasyon sa iyong likod
- 'mga gamot na pampalabnaw ng dugo' na hindi puwedeng itigil o mga abnormalidad sa pamumuo ng iyong dugo
- impeksyon sa balat ng iyong likod o mataas na temperatura
- ilang partikular na kondisyon sa puso.

Puwede ko bang tanggihan ang anestetikong pinapadaan sa gulugod?

Oo. Kung mapagpasyahan mo, pagkatapos makipag-usap sa iyong anesthetist, na ayaw mong tumanggap nito o hindi ka pa rin kumbinsido na sumailalim sa anestetikong pinapadaan sa gulugod, puwede kang tumanggi anumang oras.

Mayroon ba akong mararamdaman sa operasyon?

Wala kang dapat maramdamang sakit habang inooperahan, ngunit maaari mong mamalayan ang ginagawa ng team na nag-oopera sa ilang proseso.

Mayroon ba akong dapat sabihin sa anesthetist habang inooperahan?

Oo, nais malaman ng iyong anesthetist ang anumang nararamdaman mo habang inooperahan ka; bahagi ito ng pagsubaybay niya sa anestetiko.

Magkapareho ba ang anestetikong pinapadaan sa gulugod at anestetikong pinapadaan sa epidural space?

Hindi. Bagama't parehong nagtuturok ng lokal na anestetiko sa pagitan ng mga buto ng gulugod para sa mga ito, medyo magkaiba ang proseso ng mga ito. Sa anestetikong pinapadaan sa epidural space, may iniiwang manipis na plastik na tubo sa iyong likod sa operasyon, na nangangahulugan na puwedeng gumamit ng mas maraming anestetiko ayon sa pangangailangan.

Mayroon pang mga detalye sa aming polyeto na *Pagpawi sa sakit na resulta ng anestetikong pinapadaan sa epidural space pagkatapos ng operasyon*, na makikita sa aming website: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/leaflets-video-resources

Saan ako puwedeng matuto pa tungkol sa pagtanggap ng anestetikong pinapadaan sa gulugod?

Maaari kang makipag-usap sa iyong anesthetist o makipag-ugnayan sa klinika para sa paunang pagtatasa o sa anesthetic department sa iyong lokal na ospital.

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito (www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

Sabihin sa amin ang iyong palagay

Malugod kaming tumatanggap ng mungkahi para pagbutihin ang polyeto.

Ipadala ang iyong mga puna sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetics

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG
020 7092 1500

www.rcoa.ac.uk

Ikalimang Edisyon, Pebrero 2020

Muling susuriin ang polyeto na ito sa loob ng tatlong taon mula sa pagkakalimbag.

© 2020 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang polyeto na ito upang magpalaganap ng impormasyon para sa mga pasyente. Mangyaring banggitin ang orihinal na pinagkunan. Kung nais mong gumamit ng bahagi ng polyeto na ito sa ibang paglalathala, dapat magbigay ng angkop na pagkilala at tanggalin ang mga marka at imahe. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa amin.